

# Overseas Workers Welfare Administration

**D**agdag pa sa mga benepisyong makukuha mula sa Social Security System (SSS), at iba pang ahensya ng pamahalaan, may makukuha rin tayo mula sa Overseas Workers Welfare Administration (OWWA).

Bunga nito, madodoble ang matatanggap natin o ng ating 'beneficiary' dahil sa mga benepisyong ito mula sa OWWA.

### A. Benefits

Ang OWWA ay nagkakaloob ng mga sumusunod na programa at benepisyo sa mga aktibong miyembrong marino:

1. Disability and Dismemberment Benefit na nagkakahalaga ng hanggang P100,000.00 kapag naaksidente tayo sa trabaho.
2. Death Benefit na P100,000.00 kung ang aktibong miyembro ng OWWA ay namatay sa natural na kadahilanan o 'natural cause' gaya ng pagkakasakit; at P200,000.00 kung namatay sa aksidente, na ibibigay sa ating benepisyaryo.
3. Karagdagang Burial Benefit na P20,000.00 para sa pagpapalibing sa namatay na miyembro na ibibigay ng OWWA sa maiiwan nating pamilya.
4. Nagbibigay din ang ahensya ng kaukulang tulong sa mga benepisaryo ng mga aktibong miyembro ng namatay na marino sa pamamagitan ng Education and Livelihood Assistance Program (ELAP). Sa ilalim ng programang ito, ang isang 'dependent' natin ay mabibigyan ng educational assistance sa pamamagitan ng allowance na P5,000.00 para sa elementarya; PP8,000.00 para sa high school; at P10,000.00 para sa kolehiyo, hanggang ang ating anak ay makatapos sa kolehiyo. Ang educational na allowance na ito ay ibinibigay kada taon.
5. Nagbibigay din ang OWWA ng livelihood assistance na P15,000.00 sa naiwang kabiyak, kung ang marino ay may-asawa; o magulang, kung ang marino ay binata o kaya dalaga.

### B. Scholarships and Training Assistance Program

Bukod sa mga nabanggit na programa, serbisyo at benepisyong makukuha sa OWWA, may mga karagdagang tulong ang ahensya para sa ating mga 'dependent'.

## 1. *Seafarer's Upgrading Program (SUP)*

Sa ilalim ng Seafarer's Upgrading Program (SUP) ng OWWA, nagbibigay ito ng P7,500.00 training assistance para sa short-term upgrading courses. Maaaring makakuhang muli ng training sa tuwing makakatatlong kontrata tayo.

## 2. *Scholarship for Dependents*

Ang OWWA ay nagbibigay ng mga scholarship programs para sa mga anak ng OFW na aktibong miyembro ng ahensya gaya ng mga sumusunod:

- a. *Education for Development Scholarship Program (EDSP)*. Tulong pang-edukasyon para sa mga anak ng OFW kung saan ang mga kwalipikadong dependent ay maaaring makapag-aral ng 4-5 taong kurso sa kolehiyo, na may P60,000.00 educational assistance kada taon. Mayroong 'competitive examination' na ibibigay ang Department of Science and Technology (DOST).
- b. *OFW Dependent Scholarship Program (OFWDSP)*. Isa pang pang-edukasyon na tulong para sa anak ng OFW na nagnanais na makapag-aral ng 4 na taong kurso. Ang kwalipikadong anak ng aktibong miyembro ng OWWA ay pagkakalooban ng scholarship allowance na P20,000.00 kada taon.
- c. *Skills-for-Employment Scholarship Program (SESP)*. Nagkakaloob ng tulong ang OWWA kung nais kumuha ng vocational o training course sa anumang TESDA-accredited training center ang isang marino.

Sa ilalim ng SESP, maaari tayong makatanggap ng training allowance hanggang P14,500.00.

- d. *Information and Communication Technology (ICT) Training*. Nagsasagawa ang OWWA ng libreng Information and Communication Technology (ICT) training para sa mga marino upang maging computer-literate.

Higit pa rito, layunin nito ang makatulong na maging maayos at madali ang komunikasyon natin sa ating pamilya sa tulong ng internet.

### **C. Legal Assistance**

Bukod pa rito, nagkakaloob din ang OWWA ng legal assistance. Ang tulong na ito ay para sa mga marinong nagkaroon ng kaso sa ibang bansa o may kaugnayan sa pagpapauwi sa atin, o kung nais natin na huminto na sa pagbabarko.

### **D. Welfare Assistance Program**

Nagbibigay din ng tulong ang OWWA sa mga land-based OFW, at marino habang nasa ibang bansa.

Kabilang dito ang mga requests sa paghahanap ng OFWs; pagkakaloob ng psycho-social conseling na kailangan ng mga nabiktima ng sea-mishaps/mga biktima ng pirate; at conciliation kung may labor dispute, sa pakikipagtulungan sa Philippine Embassy o Philippine Overseas Labor Office (POLO) na nakasasakop sa bansa pinangyarihan ng insidente/ aksidente/problema. .

Nagbibigay din ng ayuda ang OWWA sa mga seafarers sa pamamagitan ng airport assistance, pagdalaw sa mga marinong naospital/naaksidente, nakulong, o suportang moral sa mga marino o OFW na nais magsampa ng kaso o pag attend sa mga welfare case sa mga OFW sa pagharap sa korte. Ang lahat ng mga presensyang ito ay sa pakikipag-ugnayan sa POLO.

Kasama sa tulong ng OWWA ang pagdinig sa mga suliranin na idinudulog ng kanilang pamilya, counseling, kung kinakailangan gaya ng mga marinong biktima ng pirate, pagtugon sa mga welfare case referral ng iba't ibang institusyon/NGO, , kasama ang media.

Maaaring iparating ang request ng mga kaanak ng OFWs sa 24/7 Operation Center at mga OWWA Regional Welfare Offices (RWOs).

### **E. Repatriation Program**

Bagaman at karaniwan nang sinasagot ang pag-papauwi o repatriation natin ng ating principal, kaagapay din ang OWWA sa proseso ng

repatriation kung ang marino ay stranded o inabandona na ng principal ang kanilang barko.

Kung nasawi ang OFW o marino, tumutulong din ang OWWA na maiwi ang labi nito sa Pilipinas mula sa ibang bansa. Nakikipag-ugnayan ang OWWA sa pamilya ng namatay at sakaling naabisuhan ang ahensya, may representante ang OWWA sa airport para tumulong sa dokumentasyon para sa pagpapalabas ng labi sa pamilya.

Sa mga pinauwing OFW o marino, nagbibigay ayuda ang ahensya ng airport assistance sa mga distressed na OFW/marino, pansamantalang matutuluyan sa OWWA Halfway Home kung ang OFW/marino ay nakatira sa probinsya, libreng pagkain, pagbibigay ng psycho-social counseling at stress debriefing, pagbibigay pamasaha sa pag-uwi ng OFW/marino sa kanilang probinsiya.

#### **F. Reintegration Program.**

Ang OWWA ay may nakahandang programa sa mga OFW/marino na nakatapos na ng kontrata o ayaw nang bumalik pa sa ibang bansaupang magtrabaho o iyong nagnanais nang mamalagi sa Pilipinas at magtayo ng sariling negosyo sa pamamagitan ng Reintegration Program.

Sa ilalim ng Enhanced Entrepreneurial Development Training (EEDT) ng OWWA, nagkaroon ng Memorandum of Understanding (MOU) ang ahensya at ang Department of Trade and Industry o DTI.

Sa ilalim ng naturang MOU ang OWWA at DTI ay magtutulungan para ibahagi sa OFW ang kaalaman sa pagnenegosyo kasama na ang business planning at orientasyon sa mga skills na may kinalaman sa pagpasok sa negosyo.

Ang mga OFW na nakakumpleto ng EEDT ay magkakaroon ng pagkakataon na makautang nang mula sa P100,000.00 hanggang P2Milyong piso sa ilalim ng OFW-Enterprise Development and Loan Program (OFW-EDLP). Ang EDLP ay sa pakikipagtulungan at ugnayan sa Land Bank of the Philippines at Development Bank of the Philippines.